

LEVEL 2

# Leveled Reader
in Filipino


# Ang Kahanga-hangang si Daisy




Isinulat nina Leona Ingram at Nozizwe Herero
Iginuhit ni Siya Masuku




Noong unang panahon, sa isang munting bukid ng isang maliit na nayon...




...naninirahan ang isang sisiw na nagngangalang Daisy.




“Gusto kong lumipad nang mataas paglaki ko. Mataas na mataas hanggang sa maabot ang mga ulap,” sabi ni Daisy.




Ngunit tinawanan lang siya ng lahat ng mga sisiw.



“Kakaiba ka talaga,” wika nila.
“Hindi na kami makikipaglaro sa iyo kahit kailan.”




“Daisy, lahat tayo, maaaring ipagaspas ang ating mga pakpak. Ngunit napakahirap makalipad para sa mga manok,” paliwanag ng kaniyang ina.




Pero hindi sumuko si Daisy. Araw-araw siyang nag-eensayo. Pinapagaspas niya ang kaniyang mga pakpak. Pak, pak, pak! Pinapagaspas niya ang kaniyang mga pakpak bagaman hindi man lang niya maiangat ang sarili mula sa lupa.




Habang nag-eensayo siya, nakikita niyang lumilipad ang sarili nang mataas sa langit. Tinitingnan niya mula rito ang mga manok sa ibaba. Iniisip niyang lumilipad siya lagpas pa sa mga maya at kahit sa agila.
“Hala! Isang manok na lumilipad!” bibilib ang mga ibon.




Kaya... pagaspas, pagaspas,
pagaspas!
Araw-araw na
ipinapagaspas ni Daisy ang
kaniyang mga pakpak.




Pilit niyang iniaangat ang kaniyang sarili mula sa lupa ngunit palagi siyang nahuhulog.




Nang sumunod na araw, umakyat si Daisy sa tuktok ng kanilang kulungan. Sinimulan niyang ipagaspas ang kaniyang mga pakpak. Tumalon siya sa hangin at ipinagaspas ang kaniyang mga pakpak... pagaspas... nang pagaspas.



Tumawa nang malakas ang ibang manok.
"Ha ha ha! Sinabi na namin sa iyo! Hindi nakalilipad ang mga manok!"



"Hindi nga ako makalilipad!" wika ni Daisy sa ina. "Tama nga ang sinasabi ng iba."

"Daisy, naiiba ka sa ibang mga manok. Ayaw nilang lumipad ngunit ikaw, gusto mo. Kaya mo iyan!" pagpapalakas-loob ng kaniyang ina.



Kinabukasan, umakyat si Daisy sa mas mataas na bahagi ng kanilang kulungan. Muli niyang ipinagaspas ang kaniyang mga pakpak.

Pagaspas...

Pagaspas...

Pagaspas...




Unti-unti siyang nakalipad sa hangin. Patuloy ang pagpagaspas ng kaniyang mga pakpak.

Pagaspas...
Pagaspas...
Pagaspas...
Pagaspas...



Patuloy ang kaniyang paglipad!
Mas lumakas ang hangin sa
ilalim ng kaniyang mga pakpak.
Pumaitaas siya nang
pumaitaas.
Nagulat ang mga maya at
agila, "Kahanga- hanga!
Isang lumilipad na manok."



Nagnais na maging
katulad niya ang iba pang
mga manok. Sinabi nila,
“Kahanga-hanga ka, Daisy.”



DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation